# Nicolas Encallado:
## Kapitan Kulas, Remontado, Manggagamot

VICTOR J. PAZ



HALOS ANIM NA DEKADA NA ANG nakalilipas mula nang dahan-dahan naglakad si Nicolas Encallado, hawak ang puting tela sa kanyang kanang kamay, tumawid sa tulay ng ilog Maapon, tuluyang tinapos ang pamumundok. Kahit na sa sirkulo ng mga dalubhasa ang pangalang Nicolas Encallado ay hindi matunog.[1] Masasabing ang kasaysayang ito'y bahagi ng mga bihirang madaanang sulok ng pagsasalaysay. Sa ilang mga tala at aklat, kung nababanggit si Encallado, laging kasama ang relatibong higit na kilalalang si Teodoro Asedillo. Ang kanilang pagsasama at paglulunsad ng armadong pakikibaka noong kalagitnaan ng taong 1935 ay ang nagpakilala sa kanila sa labas ng Laguna at Tayabas.

Mayroong kahulugan ang pagsasalaysay ng buhay ni Nicolas Encallado at ng kanyang mga anak. Sinasakatawan ng mga Encallado ang isang tradisyong makikita sa kamalayan ng mga Pilipino sa haba ng ating kasaysayan. Ang tradisyong ito'y mayroong kinalaman sa pakikibaka. Naipakita sa pag-aaral ng pagbubuo ng armadong kilusan nina Asedillo at Encallado na sa usapin ng pag-unawa sa tradisyon ng

armadong pakikibaka, ang kasaysayang ito'y isang ikutang pangyayari.[2] Kinakatawan ni Asedillo ang tradisyon na lalawak at magpapatuloy hanggang sa pagbuo ng NPA. Si Encallado naman ay kumakatawan sa isang tradisyon na may kinalaman sa mga sinaunang pananaw at istratehiya ng mga taong nagigipit ng isang puwersang malakas; maging kolonyal na pamahalaan o mga atake ng mga tinatawag na Moro.

Ayon nga sa mga pag-aaral ng kasaysayan ng Katagalugan, sa panahon ng kolonyal na kaayusan, kapag nagigipit ang mga tao, sila ay umaalis sa sentro at sa ilang pagkakataon ay gumagawa ng kontra-sentro. Ang mga taong ito'y maaaring simpleng remontado lamang o minsan ay tunay na nagiging agresibo at tinatawag na tulisan ngunit sa mata ng pamahalaan na nasa sentro, sila ay mga "taong labas", ladrones o bandido.[3] Kadalasan ang mga kontra-sentro kapag lumaki na ang populasyon o dili kaya'y napansin na ng sentro, ay ginagawang bahagi ng sentro.

**Mula sa bayan ng Sampalok**

Sa gitna ng bayan na kinalakihan ni Nicolas Encallado ay may malaking puno ng Sampalok. Sino nga ba ang makakaisip na ang punong Sampalok na iyon ay magiging higit na tanyag para sa mga ninuno ng nasabing bayan kaysa sa hari ng Espanya. Sino rin nga ba ang makakapagsabi na ang bayan ng Sampalok, Tayabas (ngayon ay Lalawigan ng Quezon) ay makikilala sa buong Pilipinas dahil sa isang manggagamot na makikilala sa pangalang Kapitan Kulas.

Naging isang bayan ang Sampalok noong 1892 mula sa kanyang labingsiyam na taong pagiging isang "visita" ng Lukban. Alinsunod sa sistema ng pagpapangalan ng mga Espanyol, ang unang pumapasok sa isipan nila'y ang pagpaparangal sa mga hari nila kaya pinangalanang visita ng Alfonso Trece ang nasabing lugar. Ngunit bago pa man kilalanin nang pormal ng pamahalaang kolonyal ang nasabing visita, ito ay isa nang pamayanan na sa katunayan ay itinuturing na baryo ng katabing bayang Mauban. Kilala na ito sa mga tao bilang baryo Dingin, mula sa salitang malayo na nangangahulugang "malamig o maginaw.[4]

Napakaganda ng kalikasan sa bayan ng Sampalok. Nakatayo ang bayan sa malawak na paanan ng Sierra Madre.

Ang ulap ay laging dumadampi sa mga nakapalibot ditong mga bundok. Ang Lukban na dating sentrong bayan nito ay nasa may kanluran. Ang tabing-dagat na bayan naman ng Mauban ay makikita sa silangan. Ang tatlong bayan ay napag-uugnay lamang ng isang kalye. Mula sa Lukban, kung nais makapunta sa Sampalok, kailangang dumaan sa kalyeng paahon, matarik na pader sa kanan at sa kabilang panig naman ay bangin.

Tahimik ang bayan. Sa panahon ni Encallado, ang Sampalok ay may 14 baryo. Sa kabuuan may humigit-kumulang 4,264 taong nakatira rito noong 1935. May populasyon naman ang dalawang baryo na lubos na naapektuhan ng kilos ni Encallado na humigit-kumulang 300 para sa Kaldong, ang bayan sa pinakaloob ng Sierra Madre, at humigit-kumulang 430 naman para sa San Bueno, ang baryo ni Nicolas Encallado.[5]

May malaking posibilidad na ang bayan ng Sampalok ay dating kontra-sentro sa bayan ng Mauban o Lukban. Kung ating titingnan ulit ang pag-unlad ng bayan, ito'y nagsimula bilang isa munang baryo na may katutubong pangalan at pagkatapos ay naging visita na may pangalan ng isang hari ng Espanya bago pa bumalik sa isang katutubong pangalan na Sampalok. Kung lalagyan natin ng saysay ang mga pagbabagong ito sa pangalan kaakibat ng iba pang mga obserbasyon, masasabi nating ang bayang ito marahil ay tunay na isang kontra-sentro noon. Kung titingnan natin ang lokasyon nito, nasa may paanan na mismo ng Sierra Madre at pinaliligiran ng maliliit na bundok, tunay na tago ang lokasyon. Maliban dito madaling makita na ito ay nasa pinakamalayong sirkulo ng mga baryo na pumapalibot sa bayan maging Lukban man o Mauban. Maaaring ang mga orihinal na taong tumira rito'y mga taong nagmula sa may Mauban at umakyat sa may kabundukan upang makatakas sa kaguluhan ng pananalakay ng mga Moro. Maaari ring nagmula ang ilan sa mga orihinal na tao sa Lukban at sila naman ay tumakas sa mahigpit na pakikialam ng kolonyal na pamahalaan.

Ang isa pang maaaring gamitin na ebidensya upang patibayin ang ganitong obserbasyon ay ang pagkakaroon

ng maraming mga arbolaryo, espiritista at mga tinatawag na mangkukulam sa bayan at mga baryo nito. Pinatutunayan nito na malakas ang paniniwalang katutubo na nahaluan ng Katolisismo rito. Ang malakas na mga elemento ng tradisyunal at sinaunang kultura sa Sampalok ay maaaring magpatunay na ito'y talagang dating kontra-sentro. Sa ganitong paliwanag, hindi mahirap isipin kung bakit ang mga Encallado ay tumira sa mga kasuluk-sulukan ng bayan ng Sampalok at hindi sa sentro nito. Ang mga bukid, bundok at mga kuweba ay mahalaga para sa mga katulad nila. Mula sa angkan ng Encallado na nakapirmi sa Mauban, Tayabas, napadpad ang isang sanga nito sa bulubunduking bayan ng Sampalok. Ang naging dahilan nito marahil ay mas malapit ang Sampalok sa mga elementong mahalaga para sa okupasyon ng pagiging arbolaryo o espiritista.

**Ang simulain ni Kapitan Kulas**

Hindi natin kayang tiyakin kung kailan talaga napanganak si Nicolas Encallado, ngunit humigit-kumulang ay nasa taong 1875.[6] Ang kanyang reputasyon sa pagiging isang arbolaryo at dakilang tao ay hindi lumaganap hanggang sa naging asawa niya si Eugenia Ognamia na nanggaling rin sa isang pamilyang malakas ang tradisyon sa paggagamot, higit pa sa mga Encallado.[7] Ang pag-aarbolaryo ay ang pinakaimportante sa lahat ng naging gawain ni Kapitan Kulas. Sa tulong ni Eugenia, walang katapusan ang paglaki ng katanyagan nila sa buong Sampalok at sa mga kalakip bayan. Kapag taga-Sampalok ang kanilang ginagamot, hindi sila nagpapabayad.[8] Ang reputasyon ng mag-asawa mula noon ay kumalat sa buong Sampalok bilang mga magagaling na mga arbolaryo at taga-gawa ng anting-anting. Isa sa mga sistema nila ng paggagamot ayon sa mga saksi ay, kapag ang sakit ay nasa kaliwang bahagi ng katawan, hihilutin nila ang kanan at kapag nasa kanan naman, ang kaliwang bahagi ng katawan ang kanilang hihilutin.[9] Pagkatapos nilang mag-asawa, sina Nicolas at Eugena ay lumipat sa Ibabang Owain, Sampalok mula sa Mauban. Ang kadahilanan rito'y maaaring idikit sa orihinal na katangian ng Sampalok na puntahan ng mga taong kagaya ni Eugenia.

Sa pagputok ng rebolusyon laban sa mga Kastila, si Nicolas Encallado ay lumahok sa pag-aalsa. Sa simula,

siya'y naging bahagi ng puwersa ni Heneral Severino Taino sa Laguna. At nang masawi si Heneral Taino, siya naman ay napailalim sa pamumuno ni Heneral Juan Cailles.[10] Sa giyera laban sa mga Amerikano, si Nicolas Encallado ay naging tanyag na mandirigma. Sa katunayan, ang kanyang palayaw na "Kapitan Kulas" ay nakuha niya sa pagiging Kapitan sa ilalim ng pormal na hukbong Pilpino.[11] Sa baryo Bilukaw, Sampalok nababanggit na noong 1900 ay nagkaroon ng tatlong pagtambang na ang una'y pinamunuan ni Kapitan Juan Saludades at ang dalawang sumunod naman ay nasa pamumuno ni Kapitan Nicolas Encallado.[12] Ayon din sa kuwento, noong nasa Mauban na ang mga Amerikano, si Kapitan Kulas ay inudyukan ng kanyang mga kasama sa hukbong Pilipino na nakawin ang trumpeta ng mga Amerikano at pagkatapos ay tugtugin ito sa harap ng maraming sundalong Amerikano. Hindi lamang kinuha ni Kapitan Kulas ang trumpeta ng Amerikano, kinuha rin niya ang rebolber ng sundalong may hawak nito. Pagkatapos ay kumaripas siya ng takbo. Hinabol siya ngunit hindi nagtagumpay ang mga sundalong Amerikano.[13] Ngunit lumalabas sa kabuuan na ang ganitong katapangan ay hindi naging sapat upang matalo ang mga Amerikano.

Ayon sa kuwento ni Kapitan Kulas sa kanyang naging kapalaran pagkatapos ng giyera laban sa mga Amerikano, umuwi siyang kasama ng iba pang mga rebolusyonaryo sa Sampalok na malungkot, mangiyak-iyak sa masamang kapalarang sinapit nila. Marahil ito ay pagkatapos na ng ika-24 ng Hunyo 1901 nang sumuko si Heneral Juan Cailles sa mga Amerikano.[14] Mula sa bayan ng Sampalok, ayon sa kanyang salaysay, siya ay lumikas sa kagubatan na pumapaligid sa Sampalok at doon nanirahan, pilit na kinalimutan na ang pagkatalo. Doon, siya'y nagpasya na hindi na bababa sa bayan at mananatili na lamang sa kagubatan. Dahil daw dito, siya ay tinawag na "outlaw" o tulisan.[15]

Maraming hindi binanggit si Encallado sa kanyang kuwento na magbibigay linaw kung bakit siya tinawag na tulisan ng mga Amerikano. Makikita ito kung pag-aaralan lamang ang kabuuang kondisyon ng Sampalok sa panahong siya'y nagtatago sa paanan ng Sierra Madre. May malaking posibilidad na sumama si Kapitan Kulas sa grupo ni Heneral

Rios sa mga panahong siya'y umuwi na sa Sampalok. Ito'y dahil sa ang hukbo ni Rios ay madalas dumaan o magtago sa magubat sa paanan ng Sierra Madre na kinalalagyan ng Sampalok at sa kabilang banda naman ay ang bayan ng San Antonio. Maliban dito, sina Rios at Kapitan Kulas ay parehong opisyal ng hukbong rebolusyunaryo sa ilalim ni Heneral Cailles. Madali para kay Kulas na sumama kay Rios dahil na rin si Rios ay may higit na mataas na ranggo sa kanya. Si Rios ay isang komandante bago sumuko si Cailles. Isa pa, ang katangian ni Kapitan Kulas bilang arbolaryo at espiritista ay hindi nalalayo sa paniniwala sa mga kababalaghan na bahagi ng relihiyon nina Rios. Ang pananaw sa anting-anting at mga katulad nitong simbolo ng lakas ay bahagi ng kamalayan ni Kapitan Kulas.

Bilang ebidensiya pa sa naging relasyon ni Rios kay Encallado ay yaong mismong pagkahuli sa una ng mga alagad ni Gobernador Juan Cailles na naganap sa baryo ng San Antonio sa tulong ng presidente nito at ng kanyang mga tauhan.[16] Ang baryo San Antonio, nayon ng tanyag na si Teodoro Asedillo, ay pinaghihiwalay lamang sa bayan ng Sampalok ng isang magubat na bulubundukin na mayroong mga alam na tagusang daanan ng tao. Ang pinakamalakas na ebidensiyang magsasabing kasama si Kapitan Kulas sa grupo ni Rios ay yaong salakay na ginawa nina Rios sa bayan ng Sampalok sa mga huling buwan bago siya nahuli noong 1903. Sinubukan kunin ni Rios kasama ang 20 sundalo ang mga salapi at armas na nasa loob ng munisipyo ng Sampalok. Tumagal ang labanan ng lampas sa isa't kalahating oras at hindi nagtagumpay sina Rios na makuha ang munisipyo kahit na aapat na pulis lamang ang nagtanggol dito. Napilitan silang umurong.[17] Malaki ang posibilidad na kasama si Kapitan Kulas sa nasabing pagsalakay. Ito ay dahil ayon na mismo sa kuwento niya, si Heneral Harry H. Bandholtz, ang hepe ng pamahalaang militar ng mga Amerikano sa Tayabas, ay nagkaloob ng gantimpala para sa kanyang pagkahuli. Hindi naman marahil gagawin ni Bandholtz ang maglagay ng presyo sa ulo ni Kapitan Kulas kung siya ay isang simpleng remontado lamang.

Sa kuwento ni Kapitan Kulas, mula noong hinalagahan ang kanyang ulo, nagpasya siyang hindi kilalanin ang mga awtoridad ng bansa sa dahilang ito'y hindi na malaya at nasa

ilalim ng pamumuno ng mga dayuhan. Kung titingnan natin ang pahayag na ito, ay mapapansin nating naiiba ito sa nauna niyang sinabi (sa parehong istorya) na siya'y namundok pagkatapos sumuko ni Cailles dahil gusto lamang niyang lumayo at makalimot. Dito malinaw ang pulitikal na linya sa kanyang pamumundok. Si Kapitan Kulas ay nagpatuloy sa kanyang pakikibaka dahil sa siya ay isang makabayan.

Mapapansin din natin na ang pagbibigay-diin nina Rios sa mga kababalaghan ay manipestasyon ng pagiging mas dominante ng tradisyunal na pananaw sa mundo ng mga mandirigma. Dito makikita na ang higit na importante ay ang malakas na paniwala sa lakas ng kanilang anting-anting kaysa sa mga taktikang militar o sa lakas ng kanilang mga baril. Ang kabiguan ng kanilang pagsalakay sa munisipyo ng Sampalok ang pinakamagandang halimbawa nito.

Hindi nagtagal, si Kapitan Kulas, ay pormal na sumuko sa mga Amerikano. Hindi sana ito naganap kung hindi lamang dahil sa isang nagpanggap na kaibigan niya, na nagngangalang Diego Cagan, na nangakong walang mangyayari sa kanya kung siya'y sumama sa Lucena at susuko sa mga Amerikano. Dahil sa nahuli na si Rios at nalansag ang kanyang hukbo, ay naging mas mahirap ng ipagpatuloy ang laban. Sa kanyang pagsuko, kinalimutan na ng kanyang kaibigan ang pangako na walang parusa siyang tatanggapin at aalagaan ang kanyang pamilya. Pagkatapos siyang masentensyahan ng walong taon sa bilangguan at nakuha na ng kanyang nasabing kaibigan ang gantimpala para sa kanyang pagkahuli, nag-iisang tinanggap ni Kapitan Kulas ang kanyang pagkakapiit. Halos pareho sa pagtataksil na ginawa ni Dominador Gomez kay Macario Sakay ang naging karanasan ni Kapitan Kulas. Kaiba lamang ito dahil hindi binitay si Kapitan Kulas.

Hindi naman tinapos ni Kapitan Kulas ang isang taong sentensya niya, sapagkat sa katunayan siya'y pinakawalan pagkatapos lamang ng ilang buwang pagkakapiit. Mula sa Lucena, siya ay bumalik sa baryo ng San Bueno, Sampalok sa kanyang kapirasong lupang sinasaka.[18] Ang pagkatigil ni Kapitan Kulas sa San Bueno mula sa Ibabang Owain ay nagpapatunay pa rin ng kanyang pananaw na ayaw na

niyang makihalo pa sa bayan. Ang Ibabang Owain ay nakadikit o dili kaya'y bahagi na ng bayan ng Sampalok. Samantala, ang San Bueno ay nasa may gilid ng Sampalok malapit sa kagubatan at kabundukan.

Sa gitna ng dalawa niyang panahon ng pamumundok, ang buhay ni Kapitan Kulas ay mapayapa sa kabuuan ngunit hindi nawalan ng problema kaugnay sa pamahalaan. Sa panahong ito, ibinuhos niya ang kanyang oras sa pagbuhay ng kanyang lumalaking pamilya. Sa pagsasama ni Kapitan Kulas at ni Eugenia Ognamia, nagkaroon sila ng pitong anak. Margarita ang pangalan ng panganay, sinundan siya ni Udon na bata pa lamang ay sumakabilang buhay na, sina Aurelia, Jose, Engracio at ang bunso, si Dominador.[19] Sa kasamaang palad, ang napakaimpluwensyal na si Eugenia ay namatay noong bandang huling taon ng dekada 20 o mga unang taon ng dekada 30.

Hindi nagtagal, si Kapitan Kulas ay nag-asawang muli ng isang 23 taong dalaga na nagngangalang Marcela Delarmente. Nakilala ni Kapitan Kulas si Marcela dahil sa ang ama ni Marcela ay kasama ni Kapitan Kulas sa kanyang kaingin. Ang balong si Kapitan Kulas naman, bagamat may edad na, dahil tanyag siya sa pagiging arbolaryo sa Sampalok ay hinangaan ng marami at isa na roon si Marcela. Sa kanilang pag-iisang dibdib, si Marcela ay nilagyan ni Kapitan Kulas ng tatak na korteng mga medalya at mga salitang Latin sa buong katawan kasama na rin sa mga daliri. Ang paliwanag ni Kapitan Kulas sa kanyang asawa sa pagtatatak ay para layuan na siya ng mga tikbalang na may kursunada sa kanya kaya siya'y nagkakaroon palagi ng maraming mga pasa sa katawan.[20] Nagkaroon din ng anak si Kapitan Kulas kay Marcela. Sa katunayan nagdadalang-tao si Marcela sa gitna ng pagkakapiit sa kanya dahil sa gawain ng kanyang asawa.[21]

Ang panahon sa pagitan ng dalawang pamumundok ni Kapitan Kulas ay binubuo ng humigit-kumulang na isa at kalahating dekada. Isa at kalahating dekada ng pangangaingin, pag-aalaga ng baboy, pagtuturo ng arnis at eskrima sa Sampalok at mga kapit-bayan. Madalas pa rin sa gubat at bundok si Kapitan Kulas sa panahong ito. Malaki din ang

paghanga sa kanya ng mga katutubong tribo sa bundok (na tinatawag nilang Baluga) dahil sa kanyang kasipagan at kagalingan (malamang sa pag-aarbolaryo). Sa katunayan nga, marami sa mga katutubo ang naging bataan ni Kapitan Kulas sa panahong ito.[22]

Sa panahon ng pag-aasawa muli ng kanilang ama, ang lahat ng mga nabubuhay na anak ni Kapitan Kulas ay nagsarili na. Lahat sila ay nagkaroon na ng kani-kanilang mga pamilya. Sa mga magkakapatid, si Aurelia, Engracio at Gregorio lamang ang nanatiling malapit sa kanilang ama. Si Jose at Dominador naman ay hindi gaanong naging malapit sa kanilang ama at sa kanyang bagong asawa. Sa mga taong dumaan, ang okupasyon o masasabi nating kagalingan ng ama at ina ay napasa sa kamay ni Dominador at Gregorio. Si Gregorio hanggang sa kanyang pagkamatay noong dekada 80 ay nakilalang isang magaling na arbolaryo at si Dominador naman, hanggang sa ngayon, ay nananatiling pinakatanyag na arbolaryo sa mga bayan sa paanan ng Sierra Madre.[23] Si Marcela rin ay natutong manghilot at manggamot nang kaunti. Ngunit ayon sa kanya, hindi kasing galing ni Domeng.[24] Malinaw ang mahalagang papel na ginagampanan ng mangagamot sa mga tao na nakatira sa paanan ng bundok. may direktang relasyon ang kagalingan ng tao sa kanyang pagiging isang manggagamot. Sa pagkaalaala halimbawa ng mga taga-Kaldong, si Kapitan Kulas ay mabait na tao sapagkat siya ay isang manghihilot at nanggagamot.[25]

## Simula ng kulo

Ang katanyagan ng pamilyang Encallado ay hindi nangangahulugan na sila'y nalubayan na ng pamahalaan at ng mga ilang taga-Sampalok na walang respeto sa kanila. Makikita sa tala ng pulis ng bayan ng Sampalok mula Hulyo hanggang Oktubre ng 1928 ang sunud-sunod na pag-aresto at pagkakulong ng mga Encallado. Nagsimula ang pag-aresto kay Engracio at Gregorio Encallado dahil sa pinagtulungan nilang gulpihin ang isang nangangalang Ramon Brillante. Ilang linggo ang lumipas, si Engracio ay hinuli muli at nakulong ng lampas sa isang buwan dahil sa kasong "lesiones graves" o ang pagsasamantala ng pisikal sa

kababaihan. Pinatawan siya ng piyansang P325 at dahil hindi niya kayang bayaran ito, siya ay nakulong.

Hindi natapos dito ang istorya ng pamilyang Encallado. Ilang linggong nakakulong si Engracio nang samahan siya ng kanyang kapatid na si Gregorio sa parehong kaso ng "lesiones graves" at nakulong din ng ilang linggo dahil sa hindi niya kayang mabayaran ang multa.[26] Maiintindihan natin ang aksyon ng dalawang anak ni Kapitan Kulas kung ating iisipin na dahil sa naniniwala silang sila'y kakaibang mga tao, dahil mayroon silang galing sa anting-anting, kahit ano ang kanilang gawin ay naniniwala silang hindi sila malalagay sa panganib. Kasama din dito ang pagtingin na isang manipestasyon ng pagkakaroon ng di pangkaraniwang kakayahan ay ang galing sa pambababae.

Hindi nagtagal, ang kaguluhan sa pamumuhay ng mga Encallado ay lalong lumala. Muling iniwan ni Kapitan Kulas ang pamumuhay sa bayan at sa paligid nito upang magtago sa kabundukan. Ngunit sa ikalawang pagtatagong ito, hindi na siya nag-iisa, kasama na niya ang kanyang tatlong anak at ang dalawa niyang kaibigan mula pa sa kanilang pagiging mga sundalo sa giyera laban sa mga Amerikano.

Ang isang dahilan dito ay ang tangkang pagsamsam sa lupa nina Kapitan Kulas sa Baryo San Bueno. Ito'y dahil sa hindi pagbayad ni Kapitan Kulas ng kanyang buwis.[27] Pinapatibay bilang kadahilanan ng pamumundok ito sa manipesto na ipinadala ni Asedillo sa pahayagang Tribune na naglalaman ng mga panawagan ng armadong grupo at isa na rito'y ang pag-alis sa buwis na sedula.[28] Ngunit hindi lamang iisang kadahilanan ang nagtulak kay Kapitan Kulas na muling mamundok. Masasabi nating maraming kadahilanang nagpatung-patong at sa wakas , nagtulak sa kanya na mamundok. Ayon nga kay Kapitan Kulas mismo, hindi sana siya mamumundok muli kung hindi dahil sa pagtataksil ng kanyang mga kaibigan.[29] Walang dagdag na paliwanag kung ano ang ibig sabihin niya rito. Malalaman na lamang na noong Syetembre 18, 1928, si Nicolas Encallado ay inaresto at kamuntik nang makulong dahil sa kaso ng estafa.[30] Walang makuhang paliwanag kahit

kanino sa mga nakapanayam kung tungkol saan ang kasong ito. Ngunit maaaring isipin na ito'y kaakibat ng sinasabi ni Kapitan Kulas na pagtataksil sa kanya ng kanyang mga kaibigan. Para bang sinabihan lamang siya noong siya'y arestuhin dahil sa iniurong din ang kaso at sa araw ring iyon, siya ay pinakawalan. Sa pagbanggit ni Kapitan Kulas ng nasabing pangyayari, parang wala naman talagang nangyari rito. Kasabay nito'y ang kanyang paliwanag sa pagkabigo niya na makakuha ng abogado para sa nabanggit na kaso laban sa kanyang mga dating malapit na kaibigan.

Pumasok ang taong 1932. Ika-22 ng Oktubre, si Dominador, ang bunsong anak ni Kapitan Kulas ay ikakasal kay Placida Paleracio. Pumunta si Kapitan Kulas sa bayan mula sa baryo Ibabang Owain upang asikasuhin ang kasal ni Domeng. Noong pipirmahan na niya ang lisensya para sa kasal, hiningan siya ng sedula ng kalihim ng ingat-yaman na si Simeon Veluz kahit na ayon kay Kapitan Kulas ay alam na alam ni Veluz na wala siyang sedula. Sinabihan pa siya ni Veluz nang pagalit na "Di ba kilala ka sa iyong pamumundok. Bakit hindi ka na lamang mamundok muli?". Hindi napirmahan ni Kapitan Kulas ang dokumento para sa kasal sa araw na iyon. Ngunit pagkalipas ng apat na araw, pumasok sa eksena ang presidente ng Sampalok na si Gregorio Abejal at binayaran niya ang sedula ni Kapitan Kulas at natuloy ang kasalan. Malalim ang naging hinanakit ni Kapitan Kulas dahil sa pangyayaring ito.[31]

Sa puntong ito, magandang tingnan kung gaano kahalaga ang sinasabing paliwanag na namundok si Kapitan Kulas dahil sa isyu ng sedula. Ang hindi magbayad ng sedula ay mabigat na paglabag sa batas noong panahong yaon. Pinatutunayan ito ng mga listahan ng ikinukulong na tao sa Sampalok noon dahil sa hindi pagbayad ng sedula. Sa katunayan, ang nakararaming kasalanang nakatala sa *police blotter* ay ukol dito. Tunay ring nakukulong ang mga taong ito ng 30 araw sa silid-piitan ng munisipyo. Maliban sa nakukulong ang tao, sila'y pinapatawan pa ng multang apat na piso.[32]

Ngunit tunay na naiiba ang kaso ni Kapitan Kulas. Si Kapitan Kulas ay umamin sa harap ng mga opisyal ng bayan na matagal na siyang hindi nagbabayad ng sedula ngunit ganoon pa man hindi siya ikinulong. Kung paniniwalaan

natin ang istorya, ang nakuha lamang niya ay pag-iinsulto ng isang opisyal. Ang presidente pa ng Sampalok mismo ang nagbayad ng sedula niya. Samakatuwid, ang pamumundok dahil lamang sa hindi pagbayad ng sedula ay hindi sapat na dahilan. Kung ang taun-taong hindi niya pagbayad ng sedula ay hindi nag-udyok sa kanya na magtago sa bundok, bakit bigla na lamang siyang napilitan magtago noong Pebrero ng 1933?

Sa ganitong pagpapaliwanag maaaring bigyan ng malaking importansya ang salaysay ng mga opisyal ng pamahalaan tungkol sa pagtatago ni Kapitan Kulas. Ayon sa kanila, pagkatapos ng pambabastos na ginawa sa kanya ni Veluz, siya ay nag-organisa ng mga malalapit niyang kasamahan at sila'y bumuo ng isang lapian. Ang presidente nito ay si Kapitan Kulas at ang kanyang kanan at kaliwang kamay ay si Juan Delarmente, kamag-anak ng kanyang pangalawang asawa, at si Vicente Anareta. Sila'y mga beterano ng rebolusyon. Noong ika-13 ng Pebrero, Lunes, ng taong 1933, binalak ng tatlo na patayin ang tesorerong si Veluz. Si Anareta ay tumayo sa ilalim ng hagdanan ni Veluz habang si Delarmente naman ay tumayo sa may munisipyo. Hinihintay ng tatlo ang pagdaan ni Veluz upang siya'y patayin. Ngunit nabigo ang kanilang plano ng may nagsabi kay Gregorio Talastas, isang konsehal ng Sampalok, ng planong paghihiganti. Humingi kaagad ng tulong si Talastas sa Lucena. Hindi nagtagal at dumating ang mga Konstabularyo mula sa Lucena sa pamumuno ng isang Tenyente Magsino. Dahil dito ay hindi natuloy ang tangkang pagpatay at si Encallado at ang kanyang mga kasamahan ay napilitang magtago dahil sa puspusan silang pinaghanap ng mga konstable mula sa Lucena.[33]

**Pagreremontado**

Makikita natin sa naging takbo ng buhay ni Kapitan Kulas na ang persepsyon ng estado lalung-lalo na ng mga pahayagan at Konstabularyo sa kanya ay hindi tumutugma sa persepsyon ng taumbayan. Tinawag si Kapitan Kulas at ang kanyang mga kasama na mga "tulisan" pagkatapos ng kanilang ikalawang pamumundok dulot ng kanyang nabigong paghihiganti sa tesurerong si Veluz at dagdag pa

rito'y ang kanyang matagal na di pagbayad ng sedula. Ayon sa pahayagan, maraming mga pagnanakaw ng kalabaw at panghoholdap na ibinintang kina Kapitan Kulas at dahil dito, sina Kapitan Kulas ay kinatakutan ng taumbayan. Ngunit may ilang datos na kumokontra sa ganitong larawan na ipinapakita ng pahayagan at ng pamahalaan. Una na rito'y ang matamlay na paghabol ng mga lokal na pulis kina Kapitan Kulas mula 1933 hanggang Mayo 1935. Sa *blotter* ng pulis ng Sampalok para sa taong 1935, wala kahit isang araw na may nabanggit na kaguluhan o paghahanap sa nasabing tropa nina Kapitan Kulas. Makikita rin dito sa nasabing dokumento ang kakulangan ng kahit na isang kaso ng pagnanakaw na naganap o dili kaya'y kaguluhang ibinintang kina Kapitan Kulas. Ang pagtawag pa sa Konstable ng Lucena upang pigilin ang balak nina Kapitan Kulas na maghiganti kay Tesurerong Veluz ay dumaragdag sa lumalabas na larawan na si Kapitan Kulas ay hinahangaan ng mga taong bayan at ng pamahalaan ng Sampalok. Kailangan pang tawagin ang mga taga-Lucena dahil sa hindi maaasahan ang lokal na pulis sa kaso ni Encallado. Sa palagay ng may-akda siya ay hinahangaan sa dahilang ang presidente mismo ng Sampalok hanggang sa pulis nito'y tuwiran o di-tuwirang tumulong kay Encallado sa kanyang mga naging problema sa pamahalaan sa nakaraan.

Mula sa mga nabanggit, ang bansag na "tulisan" kay Kapitan Kulas ay hindi ganoong malinaw. Bago mag-Mayo 1935, walang ebidensiyang makikita na mayroong ginawang pagnanakaw ang pangkat ni Kapitan Kulas sa mga baryo ng Sampalok. Kung sila'y nagnakaw sa ibang bayan ay hindi natin matiyak. Kasabay nito'y ang pahayag ni Kapitan Kulas sa kanyang mga panayam na siya'y kontra sa pagpatay at pagnanakaw sa dalawang beses niyang pamumundok. Kung ano man ang naging katangian ng kanyang pamumundok mula Pebrero 1933 hanggang Mayo 1935, malinaw na ang persepsyon ng mga taga-Sampalok sa kanya ay iba sa naging persepsyon sa kanya ng pamahalaan. "Kilabot ng Sierra Madre", "bandido" at "tulisan" siya para sa Konstabularyo ngunit mukhang malayo sa pagiging kilabot ang tingin ng taumbayan sa kanya.

Nagtago ng ilang taon na halos hindi hinahanap ng pamahalaan si Encallado. Madalas ay nakakauwi siya sa

kanyang bahay na walang panganib sa pagkahuli. Ito'y dahil sa nagkakaisang persepsyon ng mga taga-San Bueno sa kanya.[34] Walang ulat ng kampanya o pagnanakaw na lumabas sa panahong ito sa mga pahayagan. Maliban sa pagpunta sa Sampalok ng mga Konstabularyo noong 1934 upang kumuha ng mapa para maging gabay sa mga patrolya nito, walang malinaw na ebidensyang sila nga ay aktibo sa paghanap kay Kapitan Kulas. Sa katunayan, parang hindi rin nagtatago si Kapitan Kulas sa dahilang panay ang uwi niya sa kanilang bahay sa baryo ng San Bueno.

Kagaya ng nabanggit na, hindi nag-iisa si Kapitan Kulas sa kanyang pamumundok. Kung tutuusin, nakagawa na siya ng maliit na pangkat ng mga tao na taga-San Bueno at sa mga kalapit na baryo nito. Marami talagang mga taga-Sampalok ang sumama sa kanya o nagbigay ng tuwirang tulong. At hindi rin mahirap isipin na ang lahat ng mga dati niyang inaalagaang gumaling o yaong mga naniniwala sa kapangyarihan ng anting-anting ay tumulong sa kanya.

Ang kondisyon ng pagtatago ni Kapitan Kulas ay magbabago sa panahong pinuntahan siya ng isang taong naglakad, tumawid sa paanan ng Sierra Madre galing sa dakong Laguna ng bulubundukíng gubat, at hinanap ang kanyang pinagtataguan. Maaaring ito'y sa kanyang sariling bahay sa San Bueno o sa paanan ng Sierra Madre na bahagi ng Tayabas. Sa panahong ito, ang tawag sa kanya ng mga nakakakilala ay Dodo, ang pagkakilala sa kanya ng madla ay Teodoro Asedillo.

### Panahong hukbong Asedillo-Encallado

Si Asedillo ay panlalawigang pinuno ng Kilusang Anak Pawis. Isa itong radikal na Kilusan na maraming miyembro sa mga bayan sa may paanan ng Sierra Madre. Dahil sa kaguluhan na naganap sa welga ng La Mleinerva noong 1934, si Asedillo ay namundok. Nagbuo siya ng pormal na Hukbo na nakabase sa mga bayan ng San Antonio, Longos, Paete at Cavinti. Ang kanyang armadong pakikibaka ay hindi sinuportahan ng pambansang pamunuan ng Partido Komunista (na kasapi siya bilang kadre). Ngunit sinuportahan ang kanyang kilos ng panlalawigang pamunuan ng partido at mula dito

ay pinamunuan at pinalawak ang kanyang armadong kilusan. Ang pagsasama nina Asedillo at Encallado ay hindi naging mahirap sa dahilang marami silang mga pinaniniwalaang nagtutugma. Maliban dito, malakas din ang Anak Pawis sa Sampalok at Mauban kaya hindi mahirap maghanap ng mga taong mapapasapi sa kilusan.

Ang pagsasama ni Kapitan Kulas at Teodoro Asedillo ay nagbunga ng mga agresibong pagkilos. Nagkaroon ng pagpaslang ng mga ahente ng konstabularya. Nagkaroon din ng mga sagupaan sa pagitan ng humigit-kumulang 50 kataong hukbo at ng mga pulis at konstabularyo sa haba ng higit na kalahating taon.

Pagkatapos ng siyam na buwan ng pagsasama ng dalawang pangkat, sila'y nadurog sa lakas ng kampanya ng mga konstabularyo at pulis. Ang kampanya laban sa kanila ay ang unang operasyong militar na inilunsad ng bagong Komonwelt. Ito rin ang pinakamalaking operasyong militar bago umabot ang digmaang pandaigdig sa Pilipinas. Dito rin unang ginamit ng mga Pilipino laban sa mga kapwang Pilipino ang taktikang ***hamleting*** o ang pag-aalis at pag iipon sa isang guwardyadong lugar ng mga buong komunidad. Ang pag-aalis sa baseng masa nina Encallado at Asedillo ay nagdulot ng pagpasyang hati-hatiin sa maliliit na pangkat ang hukbo. Ito'y upang higit na madaling makahanap ng pagkain at saka higit na madaling makapagtago.

Sa dulo ng taong 1935, si Teodoro Asedillo ay napaslang sa Kaldong, Sampalok. Sa mga unang linggo ng taong 1936, sunod-sunod nahuli o sumuko ang mga tauhan ng hukbo nina Asedillo at Encallado. Habang puspusang pinagpatuloy ang kampanya, si Gobernador Rodriguez ng Tayabas, sa tulong ng asawa at anak ni Kapitan Kulas na si Aurelia, ay nakipagsulatan kay Kapitan Kulas. Si Marcela Delarmente at si Aurelia ay pinayagan ni Gob. Rodriguez na pumasok sa gubat at kausapin si Kapitan Kulas upang sumuko. Tuwing pasok nila sa gubat, may dala silang sulat mula kay Gob. Rodriguez. Sa kuwento ni Marcela, hinahatiran nila ni Aurelia si Kapitan Kulas ng kanin (hindi bigas). Patawag-tawag si Aurelia ng "Ama! Ama!" hanggang lumabas si Kapitan Kulas sa kanyang taguan. Sa mga huling araw ng pagtatago,

ang kasama lang ni Kapitan Kulas ay si Jesus Delarmente, ang kapatid ni Marcela. Hindi niya kasama ang kanyang mga anak. Dahil sa hirap ng kondisyon niya, sa awang naramdaman niya sa hirap ng kanyang asawa at mga anak, pumayag si Kapitan Kulas na sumuko. Maliban pa dito, nakita ng mga Encallado ang magandang oportunidad kung mapasuko si Kapitan Kulas ng kanyang anak na si Aurelia. Ang gantimpalang pera na nakapataw sa ulo ni Kapitan Kulas ay maaring mapunta kay Aurelia.

Sumuko si Kapitan Kulas sa tulay na tumatawid sa ilog Maapon ng 6:30 ng umaga ng Enero 17, 1936, naka-asul na pantalon at kamiseta at may dala-dalang panyong puti. Ang matandang hepe ay payat na payat at gutom na gutom sa kanyang pagtatago. Ilang oras pa lamang pagkatapos niyang lumabas sa gubat, sumakay siya sa kotse ni Gob. Rodriguez para pumunta sa sentro ng bayan ng Sampalok. Sa bayan, nagbigay ng panayam si Kapitan Kulas sa naghihintay na reporter ng pahayagang *Tribune* tungkol sa kanyang karanasan. Ang tono ng kanyang mga sagot ay pawang matamlay at walang buhay. Itinanggi niya ang lahat ng bintang na siya'y pumatay at nagnakaw. Ibinintang niya kay Asedillo ang lahat ng pagnanakaw at pagpatay at sinabi niya na siya ay pinuwersa lamang na sumapi sa Anak Pawis. Sinabi niya rin na tinutulan niya ang lahat ng mararahas na patakaran ni Asedillo. Dahil dito'y kamuntik na siyang barilin kung hindi lamang naawat si Asedillo ng iba. Ayon sa kanyang asawa, si Kapitan Kulas ay matagal ng nakatago sa may tulay at sumisigaw pa ng "Kayo ay malilipol ko. Ako hindi ninyo kita, ako kita ko kayo, ako'y hindi namomorwisyo." Sinabi rin niya na pumayag lamang siya na makasama si Asedillo sa dahilang pareho ang kanilang ipinaglalaban at ito ay ang tunay na independensya.[35]

Dinala ang matandang Encallado sa Malakanyang upang kausapin ni Quezon. Binigyan ni Quezon si Kapitan Kulas ng pansamantalang kalayaan sa kondisyong mapasuko niya ang iba pa niyang kasamang nagtatago.[36] Mula sa Malakanyang, sinamahan siya ni Gob. Rodriguez pabalik sa Tayabas. Dumaan sila sa Lucena at binisita ni Kapitan Kulas ang kanyang mga nakakulong na anak at kasamahan. Tumigil sila pagkatapos sa bahay ni Gob. Rodriguez sa Sariaya at doon nagsalita sa

mga nagtipon na tao na interesadong makita si Kapitan Kulas. Dito, pinuri niya ng husto si Gob. Rodriguez bilang isang taong mapapagkakatiwalaan. Mula sa Sariaya, ang buong grupo ay tumuloy sa Sampalok kung saan muling pinagsalita si Kapitan Kulas sa malaking pagtitipon ng tao na nais makita siya. Dito, siya'y humingi ng tawad sa kanyang mga ginawa at ang mga mamamayan naman ay sumigaw ng malakas na "Mabuhay!" pagkatapos ng kanyang talumpati.[37]

Sa mga unang araw ng pagbibigay laya kay Kapitan Kulas upang mapasuko ang kanyang mga anak, umikot siya sa ibat-ibang bayan sa paanan ng Sierra Madre at nakipag-usap sa mga pinuno ng mga Sakdalista at mga Komunista. Kung saan man siya pumunta ay laging maraming taong nakikinig o nakikiusyoso. Sa ganitong impormal na mga pagtitipon, laging binibida ni Encallado ang kanyang abilidad sa pagtatago dahil sa galing ng kanyang anting-anting. Noong Enero 25, siya ay biglang nawala sa Sampalok. Hindi nagpaalam sa mga Konstable, si Kapitan Kulas ay sumakay ng bus patungo sa Maynila. Sa Maynila, siya ay nakipagkita sa mga abogado na hahawak ng kanyang kaso para sa darating na paglilitis. Pagkatapos nito, siya ay nanood ng pelikulang *The Three Musketeers*. Panay sigaw niya ng kung anu-anong puna tungkol sa kilos ng mga artista sa sine. Bumalik siya sa Lukban, at doon sa harap ng maraming tao, sinabi niya na kung buhay pa sana si Asedillo, kasama ng isa pang tao, sila ay maaaring maging parang *3 musketeers* at ang tambalang ito ay mahirap talunin.[38]

Sa umpisa pa lamang, pinuna na ng mga pahayagan at ng mga prominenteng miyembro ng naghaharing uri ang ginawang pagluluwag ni Presidente Quezon. Lalong tumindi ang puna kay Quezon ng lahat ng sektor ng naghaharing uri nang mabalitaan ang naging mga kilos ni Kapitan Kulas. Sa editoryal ng *Tribune* noong Enero 21, sinabi dito na ang pamahalaan daw ay gumawa ng malaking pagkakamali sa pagbibigay laya kay Encallado. Ang pagbibigay tiwala ni Quezon sa isang "bandido" ay nakasira diumano sa pagtingin ng publiko sa liderato ng bagong Komonwelt.[39] Ang sikat na manunulat sa *Tribune* na si G.R. Liwag ay nagpahayag din ng ganitong sentimyento ngunit nagpakita rin siya ng tiwala sa kakayahan ni Quezon na kumilala

ng tao. Ayon kay Liwag, bagamat hindi maganda ang ginawang pagpapalaya at nagkakaisa ang mga grupong intelektuwal at mamahayag dito, ang pagpapalaya kay Kapitan Kulas ay maaaring magbigay daan sa pagtipid ng pamahalaan sa gastos sa dahilang hindi mga konstabularyo ang gagamitin sa paghahanap at mapapaiksi ang kampanya.[40]

Lumalabas sa paglatag ng mga pangyayari na ang pagpapalaya kay Kapitan Kulas ay hindi naging mapagpasya sa pagtatapos ng pamumundok ng mga natira niyang tauhan. Ito'y sapagkat kusang sunod-sunod sumuko ang mga natitirang miyembro ng pangkat dahil sa matinding gutom. Kasabay ng kanilang miserableng kondisyon, nakakaengkuwentro pa nila ang mga konstabularyo.

Si Dominador Encallado ang unang sumuko sa mga magkakapatid na sumama sa kanilang ama. Sinundan siya ng kanyang nakakatandang kapatid na si Gregorio sa pagsuko noong Enero 27. Kasama si Vivencio Ricamora, sumuko siya kay Gob. Rodriguez. Dinala ni Gregorio ang mga konstable sa Kaldong at tinuro kung saan nila tinago ang kanilang mga armas. Ang huling sumuko sa magkakapatid na Encallado ay si Engracio. Kagaya ng iba niyang kapatid, si Engracio ay sumuko mismo kay Gob. Rodriguez. At kagaya rin ng kanyang kapatid na si Gregorio, hindi itinanggi ni Engracio ang mga akusasyon sa kanya na siya ay kasama sa mga naganap na patayan sa bundok. Dahil sa pagsuko ni Engracio, walang natirang Encallado na nagtatago. Mayroong kabalintunaang naganap nang ang pangsamantalang laya na ibinigay kay Kapitan Kulas ay binawi.[41]

Pormal na ipinahayag ng Konstabularya sa madla na ang kampanya laban sa mga nabansagang bandido ay tapos na noong ika-30 pa ng Enero 1936. Nagtunugan ang mga kampana ng simbahan ng Sampalok nang malaman ang balita.[42] Ito'y parang naging *anti-climactic* sa dahilang noong ika-26 pa lamang ay bumabalik na sa normal ang buhay sa mga naapektuhang bayan. Binuksan na ulit ang mga eskwelahan noong Ika-26 ng Enero bagamat kakaunti ang pumasok. Ang mga istasyon ng Red Cross ay inalis na ng tuluyan noong ika-29 ng Enero na nagpapakita na hindi na kailangan alagaan pa ang mga tao sa bayan sa

dahilang marami na sa mga hinamlet ay nakabalik na sa kani-kanilang mga baryo.[43]

Ang puwersa ng Konstabularya ay inutusan din na bumalik sa mga orihinal nilang istasyon sa kani-kanilang pinanggalingang mga probinsya. Ngunit bilang panigurado, nag-iwan pa rin ang Konstabularya ng sapat na puwersa sa mga apektadong bayan.

**Paghusga, pagkamatay at pagpapatuloy**

Ang paglilitis na ginawa sa pangkat nina Encallado ay tumagal lamang ng ilang buwan at sa dulo ay nasentensya ang karamihan. Ang napuruhan sa lahat ng mga sinintensya ay ang pamilyang Encallado. Sa lahat-lahat, 66 silang aktuwal na naparusahan. Si Kapitan Kulas ay binigyan ng 90 taon ng pagkabilanggo, si Engracio 210 taon, sina Dominador at Gregorio ay binigyan ng 180 taon.[44] Hindi nakakatiyak kung gaano kahaba ang hatol sa ibang miyembro ng hukbo.

Mula sa piitan ng Santa Cruz, ang mga Encallado ay inilipat sa Lumang Bilibid sa Maynila. Sa loob ng piitan, nakasama ng mga Encallado ang mga nahuli na Sakdalista, mga nahuli sa Tayug at si Lope de la Rosa na kasabay nilang nag-arma sa lalawigan ng Bulakan. Noong Nobyembre ng 1927, si Kapitan Kulas ay binigyan ng pardon ni Presidente Quezon. Ayon kay Quezon, kilala niya ng personal si Kapitan Kulas. Alam niya na hindi ito kriminal kaya niya ito pinakakawalan.[45] Ang pagiging beterano ni Kapitan Kulas ng rebolusyon ang marahil ay isa sa mga dahilan kung bakit siya kilala at pinakawalan ni Quezon. Sa kanyang paglaya, bumalik si Kapitan Kulas sa kanyang pagiging manggagamot. Hindi tumagal, namatay si Kapitan Kulas noong Mayo 18, 1940 sa bayan ng Tayabas, Tayabas.[46]

Mula sa Lumang Bilibid, inilipat ang magkakapatid na Encallado kasama ng ilan nilang mga dating kasama sa bagong bilibid. Ang magkakapatid na Encallado ay bibigyan din sana ng pardon noong Pasko ng 1941 ngunit dumating ang digmaang pandaigdig at nasakop ang Maynila ng mga Hapon. Sila ay nabaon sa limot sa loob ng kulungan.

Sa panahon ng Hapon, humingi ng boluntaryo ang mga namamahala sa kulungan ng mga bilanggong gustong pumunta sa *penal colony* sa Mindanao. Dahil wala ng

makain sa bagong bilibid, minabuti na ng mga Encallado na magprisinta na pumunta sa Mindanao at baka roon hindi hirap ang pagkain. Maraming sumama sa kanila pagkatapos nilang pangunahan ang pag-boluntaryo dahil sa panahong ito si Domeng Encallado ay naging *ward leader* na sa loob ng preso.

Mula naman sa Mindanao, ang magkakapatid na Encallado ay nagprisinta na lumipat sa *penal colony* sa Palawan. Ang trabaho nila doon ay labanan ang mga pugante na umaatake sa mga baybay bayan ng Palawan.

Sa isang patrolya, nasorpresa ang tatlong magkakapatid ng mga pugante na nagpanggap na mangingisda. Lumubog ang kanilang bangka at dahil hindi marunong lumangoy si Engracio, siya ay nalunod at namatay. Si Domeng at si Gregorio ay nakalangoy at nakailag sa bala ng mga pugante. Ilang araw pagkatapos ng pangyayari ay nakuha pa nila ang bangkay ni Engracio.

Noong 1950, sa tulong ng kanyang bayaw, si Domeng ay nakalaya. Pagkalaya niya ay ginawa niya ang lahat upang makalaya ang kanyang kapatid na si Gregorio. Pagkatapos ng ilang petisyon, pinalaya rin si Gregorio. Ang dalawang magkapatid ay hindi na sumama sa kahit na anong kilusan pagkatapos nilang lumaya. Binuhay na lang nila ang kanilang mga pamilya. Sa gitna nito, natuklasan nila na ang kapangyarihan na sa pakiwari nila ay taglay ng kanilang ama at ina ay namana rin nila.[47]

Si Gregorio Encallado ay namatay noong 1990. Sa bayan ng Sampalok, reputasyon niya ang pagiging isang manggagamot. Si Dominador Encallado naman ay buhay pa hanggang sa ngayon at tanging natitirang manggagamot sa Sampalok. Dati, napakaraming mga manggagamot at tinatawag na mangkukulam dito. Ngayon, iisa siyang dinadayo araw-araw ng mga tao galing kung saan-saang bahagi ng Pilipinas upang magpagamot sa kanya sa murang halaga.

Ang hindi pagsapi ng mga Encallado sa mga kilusan na nabuhay mula 1936 hanggang sa ngayon ay hindi nangangahulugang nagkaroon ng pagbabago sa kanilang pananaw sa mundo. Ang batayan ng kanilang buhay ay ang kanilang kinikilalang kagalingan sa panggagamot at ang kanilang

relasyon sa mga kapangyarihang espirituwal. Ang pamumundok at mga mararahas na kilos ng mga Encallado ay ginawa batay sa pag-unawa nila sa kung ano ang dapat gawin ng isang tulad nila na may kakaibang kapangyarihan sa panahon ng krisis. Ang pag-unawa nila sa mga konsepto kagaya ng bansa at makabayan ay muling matitingnan sa ganitong perspektiba.

Kahit hindi sila aktuwal na sumapi sa isang organisasyon o humawak muli ng baril, ang dalawang natirang Encallado ay naging malapit pa rin sa mga nagpatuloy sa armadong pakikibaka. Si Fidel Bagolbagol, halimbawa, ay miyembro ng Partido Komunista at sumapi sa hukbo nina Asedillo. Siya ay taga-San Antonio. Sa panahon ng Hapon, siya ay naging opisyal ng HUKBALAHAP. Sa panahon ng pagbubuo ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, siya ay muling naging aktibo. At sa kahuli-hulihan, naging isa siya sa mga unang sumapi sa NPA.[48]

Sa huling yugto ng kanyang buhay, siya ay pumupunta sa Sampalok at doon ay nakakausap niya si Dominador Encallado. Bagamat hindi na niya makumbinsi si Domeng sa linya ng rebolusyon, pinagpuyatang gawan pa siya ni Domeng ng isang anting-anting.[49] Walang dalawang isip na tinanggap ito ni Fidel, isang responsableng miyembro ng Partido Komunista.

Bagamat magkaiba ang pagtingin sa mundo ng lahat ng mga humawak ng armas at nakibaka sa paanan ng Sierrra Madre sa Laguna at Tayabas, mayroong kamalayang bumabalot sa kanilang lahat at ang ugat nito ay mataba at tagos hanggang sa adobe ng kultura.

## Tala

1. Makikita sa lahat ng mga teksbuk pangkasaysayan na pahapyaw lamang ang pagbanggit kay Encallado at kadalasan ay si Asedillo ang nabibigyan ng diin.
2. Victor J. Paz, Mula kay Kapitan Kulas, Patungo kay Ka Dodo: Isang pag-aaral sa pagsulong ng tradisyon ng armadong pakikibaka 1930-1936. M.A. Thesis sa Kasaysayan, U.P. 1994.
3. Reynaldo C. Ileto, "Outline of a Non- Linear Emplotment of Philippine History". *ISEAS*, Singapore, 1988. at Victor J. Paz, Mula Kay Kapitan Kulas....

4. *History of Sampaloc*, (Sampalok, Quezon: Tanggapan ng Punong Bayan, 1988), minakinilya.
5. Nakuha ng may-akda ang maaaring populasyon mula sa dalawang sensong ginawa noong 1918 at 1939. Mula sa paglaki ng populasyon sa 21 taong namagitan, kinuha ang *average* bawat taon at dinagdag sa baseng 1918 ang 17 taong namagitan hanggang 1935.
6. Ito ay batay sa edad ni Kapitan Kulas na ibinigay sa mga pahayagan. Si Kapitan Kulas daw ay 60 noong 1935.
7. Panayam kay Dominador Encallado at mula sa mga *folklore* na ipinahayag ni Napoleon (Intoy) Tolentino noong Ika-4 ng Disyembre, 1991 sa Kalye Gagan, Sampalok, Quezon.
8. Panayam kay Alfredo Dejelo.
9. Panayam kay Sotero Anareta, Ika-4 ng Disyembre, 1991. Siya'y dating nagpapagamot sa mga Encallado.
10. Mula sa panayam kay Kapitan Kulas sa *Sunday Tribune*, (Enero 19, 1935), p. 4. Makikita rin ang letrato ng sertipiko bilang beterano hindi lamang ni Kapitan Kulas kung hindi pati ng kanyang asawa sa nasabing pahayagan na nagpapatunay ng kanilang pagiging mga rebolusyunaryo.
11. Ito'y batay sa kasaysayang isinulat ng mga guro noong 1954 tungkol sa kani-kanilang mga bayan at baryo sa ilalim ng koleksyong tinatawag na *Historical Data Papers.*
12. *Historical Data Papers*, Microfilm Reel No. 31, (Manila: National Library).
13. Salaysay ni Heneral De los Reyes sa *Sunday Tribune*, (Enero 19, 1935), p. 4.
14. John Taylor, *The Philippine Insurrection Against the U.S...*, Vol. 2, p. 364.
15. Panayam ni Nicolas Encallado sa *The Tribune*, (Enero 21, 1936) p. 1.
16. *5th Annual Report of the Philippine Commission 1906*, (Manila: Bureau of Printing, 1907), p. 114.
17. Ibid, p. 646.
18. Ibid. at *The Tribune*, (Enero 14, 1936), p.2. Ayon sa ulat na ito, ginamit ni Diego Gagan ang kanyang impluwensya upang mapaiksi ang sentensya ni Kapitan

Kulas. Pagkatapos ng apat na taon siya'y pinakawalan. Ngunit sa kuwento naman mismo ni Kapitan Kulas, ang kanyang pagkakakulong ay tumagal lamang ng ilang buwan.

19. Hindi tiyak kung pang-ilan talaga si Aurelia sapagkat hindi siya isinama ni Domeng sa kanyang bilang ng mga magkakapatid. Marahil ito ay dahil sa sariwa pa rin ang sama ng loob ni Domeng kay Aurelia sa ginawa nitong pagbenta ng istorya ng kanilang ama na hindi nalalaman, at wala pa siyang nakuha dito.

20. Panayam kay Marcela Delarmente, Ika-5 ng Disyembre 1991, Sampalok, Quezon.

21. Ayon kay Marcela Delarmente, siya ay nag-asawa sa edad ng 27. Ngunit sabi rin niya na siya ay pinanganak noong 1910. Dahil sa mag-asawa na sila bago muling mamundok si Kapitan Kulas, ibig sabihin noon na sila'y mag-asawa na noong 1933 at sa taong ito ang edad niya ay 23. Mula sa panayam kay Marcela Delarmente at Dominador Encallado, Ika-4 ng Disyembre 1991.

22. Panayam kay Dominador Encallado, Ika-4 ng Disyembre 1991 at kay Alfredo Dejelo, Ika-4 ng Disyembre 1991 sa kanyang tahanan sa Sampalok, Quezon.

23. Pinapatunayan ito ng mga nakita ng may-akda na mga pasyente sa bahay ni Dominador galing kung saan-saan. Ang mga galing sa malalayong bayan ay binibigyan pa nga ni Dominador ng makakain at lugar na matutulugan habang sila ay ginagamot.

24. Panayam kay Marcela Delarmente.

25. Panayam kay Alejandra Ansay, Sampalok, Quezon.

26. *Police Blotter of the Municipality of Sampaloc, Tayabas,* July 13, 1928 hanggang October, 1928.

27. Ayon kay Sotero Anareta na malapit sa pamilyang Encallado.

28. *The Tribune,* Hulyo 21, 1935, p. 1, 6.

29. *The Tribune,* (Enero 21, 1936), p. 1.

30. *Police Blotter of the Municipality of Sampaloc, Tayabas.*

31. *The Tribune,* (Enero 18, 1936), p.4 at *Sunday Magazine,* (Enero 26, 1936), p. 4

32. *Police Blotter of Sampaloc, Tayabas,* July, Sept, Oct, 1928 August 1930 at July 1934.
33. *The Tribune,* (Enero 18, 1936), p.3.
34. Panayam kay Marcela Delarmente.
35. *The Tribune,* (Sabado, Enero 18, 1936), p. 1 at Panayam kay Marcela Delarmente.
36. *The Sunday Tribune,* (Enero 19, 1936), p. 1.
37. *The Tribune,* (Martes, Enero 21, 1936), p. 1 at Panayam kay Marcela Delarmente.
38. *The Tribune,* (Huwebes, Enero 29, 1936), p. 2.
39. *The Tribune,* (Miyerkoles, Enero 21, 1936), p. 4.
40. *The Tribune,* (Martes, Enero 21, 1936), p. 4.
41. *The Tribune,* (Sabado, Enero 25, 1936), p. 12, (Miyerkoles, Enero 30, 1936), p. 1, (Huwebes, Enero 29, 1936), p. 2 at (Martes, Enero 28, 1936), p. 1.
42. *The Tribune,* (Biernes, Enero 31, 1936), p. 4.
43. *The Tribune,* (Huwebes, Enero 29, 1936), p. 2.
44. Panayam kay Dominador Encallado, Ika-4 ng Disyembre, 1991.
45. Balita sa "News Flash", *Commonwealth Advocate,* (Nobyembre, 1937 Vol. 3 no. 18), p. 41.
46. Hindi matandaan ni Dominador Encallado o Marcela Delarmente kung ano ang eksaktong taon. Natatandaan ni Alfredo Dejelo na nakita pa niya si Kapitan Kulas sa Sampalok ilang taon pagkatapos siya ma-pardon. Nang mamatay si Kulas ayon kay Marcela, may sinukang tatlong mapuputi, nilagay niya ito sa bote at nagtatalbog. Ang sabi ni Kulas kay Marcela bago mamatay, "Bata ka pa, maiiwan kita."
47. Panayam kay Dominador Encallado, Ika-4 ng Disyembre, 1991.
48. "Mga Bayani Paris ni Tatang" (Walang Akda). *Ang Bayan.* Mayo, 1989.
49. Panayam kay Dominador Encallado.

## Batis

### *Mga nakasulat*

#### *Mga dokumento ng pamahalaan*

Pambansang Aklatan. *Manuel L. Quezon Papers.* Series VII, SubjectFiles: Provinces at Constabulary. Boxes 78, 62 at 46.

Pambansang Aklatan. *Historical Data Records.* Microfilm. Pambansang Aklatan, Maynila.

Pamahalaang Komonwelt. *Philippine Commonwealth Official Constabulary Register.* Mga taong 1934-1936.

Philippine National Police. *CMO/PCR Accomplishment Report ng Pulis ng Sampalok, Quezon.* Mula Hulyo 1989 hanggang Disyembre ng 1991.

P.I. Bureau of Census. *Census of the Philippine Islands.* Washington, 1905-1938.

*Police Blotter of the Municipality of Sampaloc, Tayabas.* Agosto 27, 1930 hanggang Disyembre, 1930; Hulyo 10, 1934 hanggang Hulyo 22, 1934 at mula Enero hanggang Disyembre ng 1928.

Public Information Office of the Philippine Constabulary. *The Constabulary Story.* Maynila, 1978.

*Report of the Governor General of the Philippine Islands 1932-1933.* Maynila, 1933.

*U.S. Philippine Commission The Report of the Philippine Commission.* mula 1903 hanggang 1910. Washington.

#### *Mga nailathalang aklat*

Agoncillo, Teodoro A., at Milagros Guerrero. *History of the Filipino People,* 5th ed., Lunsod ng Quezon, 1977.

Allen, James (Sol Auerbach). *The Radical Left on the Eve of War.* Lunsod ng Quezon, 1985.

Blair, Emma Hellen, at James Alexander Robertson (ed.). *The Philippine Islands, 1493-1898.* Mandaluyong, 1973.

Cojuangco, Margarita R., Cruz, Rene R. Atbp. *Konstable: The Story of the Philippine Constabulary.* Maynila, 1991.

Constantino, Renato. *A Past Revisited,* Lunsod ng Quezon, 1975.

Gonzalez, Ramon Fernandez. *Anuario Filipino para 1877: del Manual del Viajero en Filipinas.* Maynila, 1877.

Guerrero, Amado (Jose Maria Sison). *Philippine Society and Revolution.* Maynila, 1979.

Huerta, Felix de. *Estado - Geografico, Topografico, Estadistico Historico-Religioso de la Santa y Apostolica Provincia Manila.* Maynila, 1855.

Kerkvliet, Benedict J. *The Huk Rebellion.* Berkeley, 1977.

Santos, Jose P. *Ang Tatlong Napabantog na "Tulisan" sa Pilipinas.* Gerona, Tarlac, 1936.

Sturtevant, David. *Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940.* Cornell University, 1976.

Taruc, Luis. *Born of the People.* New York, 1953.

Taylor, John. *The Philippine Insurection Against the United States: A Compilation of Documents.* 5 Vols. Maynila, 1973.

Tatang (Nom de Guerre). *Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway.* Maynila, 1988.

Veneracion, Jaime B. *Agos ng Dugong Kayumanggi,* Lunsod ng Quezon, 1990.

Wolters, O. W. *History, Culture and Region.* Singapore, 1982.

*Mga artikulo, sulat atbp:*

Abinales. P.N.."Peasant Syncretic Vision in Times of Rebellions Reconsidered". *Kasarinlan.* 3rd & 4th Quarters, Lunsod ng Quezon, 1990.

Ileto, Reynaldo C. "Outline of a Non-Linear Emplotment of Philippine History". *ISEAS.* Singapore, 1988.

Kerkvliet, Benedict J. "Peasant Society and Unrest Prior to the Huk Revolution". *Asian Studies.* Agosto, 1971.

Medina, Isagani R. "La Madre de Las Ladrones: Tulisanismo in Cavite in the 19th Century". *Philippine Social Science Review.* Enero-Disyembre, 1984.

"Mga Bayani Paris ni Tatang" (Walang akda). *Ang Bayan.* Mayo, 1989.

Nemenzo, Francisco. "The Millenarian Populist Aspect of Philippine Marxism". *Marxism in the Philippines.* Lunsod ng Quezon, 1983.

*Mga pahayagan at magasin*

*Commonwealth Advocate.* Mayo 1935 - Nobyembre 1937.

*The Tribune.* Mula 1934 hanggang Nobyembre 1936.

*Mga hindi nailathala*

Coats, George Y. *The Philippine Constabulary: 1901-1917.* Phd Dissertation, Ohio State University, 1968.

Gealogo, Francis. *Ang mga Taong Labas at ang Subersyon ng Kaayusang Amerikano sa Katagalugan, 1902-1907.* Tesis pang Masteral, U.P., 1989.

*History of Sampaloc.* (walang akda, naka makinilya). Tanggapan ng Alkalde ng Sampaloc, Quezon.

Lava, Jose. *Milestone in the History of the CPP.* (Makinilya) U.P. Library, 1950.

Paz, Victor J. *Mula kay Kapitan Kulas, Patungo kay Ka Dodo: isang pag-aaral sa pagsulong ng tradisyon ng armadong pakikibaka, 1930-1936.* (M.A. Thesis sa Kasaysayan) U.P., 1994.

*Mga panayam*

*Agana, Castor.* Nakapanayam ng tatlong araw; Mayo 12, Hunyo 12 at Hulyo 21, 1991 sa kalye San Roque, San Antonio Kalayaan, Laguna. si Ka Castor ang tanging nabubuhay na kasapi ng hukbo ni Asedillo mula sa panig ng Laguna. Siya'y isang magsasaka na patuloy na nagbubukid at noong siya'y nakapanayam ay 82 anyos na ang edad niya.

*Anareta, Mauricio.* Nakatira sa Kaldong sa panahon ni Asedillo at nakatulong sa pagbibigay buhay sa karanasan ng mga taga-Sampalok sa panahong pinagaralan. Nakapanayam noong Ika-4 ng Disyembre, 1991.

*Anareta, Sotero.* Kamaganak ng Anareta na napatay kasama ni Asedillo. Taga-Kaldong noong mga panahong iyon at isa sa mga nakakatanggap ng biyaya mula sa hukbo nina Asedillo't Encallado. Nakita ang bangkay ni Asedillo bago ito dinala sa bayan ng Sampalok. Nakapanayam sa kalye Abueva, Sampalok, Quezon noong Ika-4 ng Disyembre, 1991.

*Ansay, Alejandra.* Nakapanayam sa kanilang tahanan sa Sampalok, Quezon noong Disyembre 4, 1991. Saksi sa pagpapakita sa munisipyo ng bangkay ni Asedillo.

*Cabugason, Aida G.*. Isang Midwife. Matalik na kaibigan ni Fidel Bagulbagul at ng anak ni Teodoro Asedillo. Nakatulong sa pagbibigay buhay sa dalawang taong ito. Nakapanayam noong Ika-12 ng Hunyo, 1991.

*Dejelo, Alfredo Sr.*. Nakapanayam sa kanilang tahanan sa Sampaloc, Quezon noong Disyembre 4, 1991. Saksi sa mga pangyayari na naganap sa bayan ng Sampalok sa panahong pinagaralan.

*Delarmente, Marcela*. Nakapanayam noong Ika-4 ng Disyembre 1991. Ikalawang asawa ni Kapitan Kulas. Nakapagbigay ng importanteng impormasyon tungkol sa pagkatao at gawain ni Kapitan Kulas.

*Encallado, Dominador*. Kaisa-isang nabubuhay na lalaking anak ni Kapitan Kulas. Siya na rin ang natitirang nabubuhay na sumama sa hukbo mula sa Sampalok. Ngayon ay isang manggagamot sa bayan ng Sampalok. Nakapanayam sa kalye Dejelo, Sampalok, Quezon noong Disyembre 4 at Disyembre 5, 1991.

*Ilardo, Peterno*. Dating Hepe ng pulis ng Sampalok. Bagamat hindi niya naabutan ang panahon nina Asedillo, ang mga kuwento sa kanya ng kanyang Ama na noon ay nakatira sa Kaldong ay nakatulong ng malaki sa pagpapakita ng reaksyon ng mga mamamayan sa mga ginawang pagbibigay pagkain nina Asedillo't Encallado. Nakapanayam noong Disyembre 5, 1991 sa kwartel ng Pulis, Sampalok, Quezon.

*Lulu, Edilberto (Edong)*. Dating estudyante, kasama at kaibigan ni Asedillo. Siya ngayon ay isang karpintero na aktibo pa rin na nagtratrabaho. Malaki ang pasasalamat sa kanya ng may akda sa dahilang binukas niya ang kanyang tahanan ng ilang beses para sa may akda lalo na sa mga panahong ginabi at kailangan ng lugar na matutulugan. Nakapanayam si Ka Edong ng Mayo 12 at 13 1991; Hunyo 12 at Hulyo 21, 1991.

*Nemenzo, Francisco*. Naatasang sumulat ng kasaysayan ng lumang Partido Komunista bago mag Batas Militar. Nakapag-ambag ng hindi mapapantayan na kaalaman tungkol sa pagtingin at nalalaman ng mga miembro ng Partido sa kilusan nina Asedillo. Nakapanayam una sa kanyang dating tanggapan bilang Chancellor ng U.P. sa Bisaya sa Alumni Center sa U.P. Diliman noong Enero 14, 1992 at may

sumunod na panayam sa Faculty Center Canteen noong ika-30 ng Setyembre 1992.


*Talastas, Sabas.* Nakapanayam sa kanilang tahanan sa Sampalok, Quezon. Si Ginoong Talastas ay nakapagbigay ng impormasyon sa naging reaksyon ng mga pamilya kagaya niya na naging biktima naman nina Asedillo't Encallado.

*Tolentino, Napoleon (Intoy).* Pinanganak noong 1947, siya ay kumakatawan sa henerasyon na nabuhay pagkatapos lumipas sina Asedillo't Encallado. Natatandaan ang pagpasa ng mga kuwento tungkol sa kadakilaan ni Kapitan Kulas. Nakapanayam noong ika-4 ng Disyembre 1991 sa Kalye Gagan, Sampalok, Quezon.

*Torres, Naning.* Kumakatawan rin sa pananaw ng henerasyon na higit nakakabata kina Encallado. Nakapanayam sa Kalye Gagan, Sampalok, Quezon noong ika-5 ng Disyembre 1991.

*Villamater, Cosme.* Nakapagbigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga taong sumama kay Encallado sa kanyang hukbo. Nakapanayam sa kanyang tahanan sa Sampalok, Quezon noong ika-5 ng Disyembre 1991.

•••


The Sunday Tribune
CAPITAN KULAS